ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo L Blg. 4
Pebrero 21, 2019
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Iluwal ang rebolusyonaryong paglaban mula sa poot ng masa sa kanayunan

Ang naglalagablab na poot sa kanayunan ay lalong ginagatungan ng rehimeng Duterte. Ang sunud-sunod na mga patakarang anti-magsasaka at anti-mamamayan ay nagpapalayas sa libu-libong magsasaka, mangingisda at minoryang mamamayan mula sa kanilang mga bukid, pook pangisdaan at lupang ninuno at nagsisilbi sa interes ng malalaking burgesyang kumprador at malalaking kapitalistang dayuhan. Bingi si Duterte sa sigaw ng milyun-milyong walang-lupang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa.

Lalong pinapaspasan ni Duterte ang pang-aagaw ng lupa at pagpapalit-gamit sa lupa upang bigyang-daan ang mga proyektong pang-imprastruktura, panturismo at pang-enerhiya. Sa Central Luzon, ilampung libo ang palalayasin mula sa kanilang lupa at mga pangisdaan ng planong konstruksyon ng mga haywey, paliparan, tinaguriang *ecozone* at iba pang mga proyektong *real estate* na sumasakaw sa ilanlibong ektarya.

Ilanlibong pamilya rin ang mapalalayas sa Southern Luzon sa minamadaling konstruksyon ng mga pasilidad pangtransportasyon at lohistika para sa malalaking empresa. Ilanlibong pamilya rin ang mapalalayas sa di bababa sa sampung mayor na proyektong pang-imprastruktura sa Davao at iba pang rehiyon sa Mindanao.

Ang mga *megadam* na planong

*"Iliuwal..," sundan sa pahina 2*

## 6 armas, nakumpiska ng BHB-Bukidnon

MATAGUMPAY NA SINALAKAY ng Bagong Hukbong Bayan-Bukidnon ang base ng 1st Special Forces Battalion (SFB)-Civilian Active Auxiliary sa Sityo Green Valley, Barangay Dalwangan, Malaybalay City noong Pebrero 14, alas 9:40 ng gabi. Nakumpiska ng BHB mula rito ang anim na armas na kinabibilangan ng tatlong R4 (isa ang may M203 *grenade launcher*), dalawang M14, isang kalibre .45 na pistola, walong *ammo vest* at mga bala. Kumpirmadong napatay ang apat na sundalo. Isa ang nasawi at dalawa ang sugatan sa hanay ng BHB.

Nakontrol ng mga Pulang mandirigma ang kampo na nasa tabi ng mayor na haywey sa Bukidnon sa loob lamang ng limang minuto. Ayon kay Ka Malem Mabini, tagapagsalita ng BHB-North

*"6 armas...," sundan sa pahina 3*

*"Iluwal...," mula sa pahina 1*

itayo sa Kalinga, Tarlac, Quezon at Iloilo ay magreresulta sa dislokasyon ng ilampung libong pamilya at pagbaha sa daanlibong ektaryang kalakha'y bahagi ng lupang ansestral ng mga minoryang mamamayan.

Bilang pagsunod sa diktang imperyalista, ipinatupad ni Duterte ang ganap na liberalisasyon sa importasyon ng bigas. Magreresulta ito sa pagbagsak sa kita ng mahigit dalawang milyong maliliit na magsasaka at manggagawang bukid sa mga palayan, na pinahihirapan din ng pyudal na upa at kawalan ng mekanisasyon at subsidyong estado. Ipatutupad ito sa ngalan ng pagpapababa ng presyo ng bigas, subalit magreresulta lamang sa pagpilay sa lokal na produksyon ng palay, lalong pagsalalay sa pag-aangkat at malao'y pagtaas ng presyo ng bigas. Ang pinakalayunin ng hakbanging ito ay pwersahing mabangkrap ang mga magsasaka ng palay, itigil ang produksyon sa mga palayan at sa gayo'y itulak ang kumbersyon ng mga ito.

Ang dislokasyon sa kabuhayan ng daan-daan libong maliliit na magsasaka ay papatong sa malalang kalagayan ng disempleyo sa kanayunan. Sa nagdaang dalawang taon, mahigit isang milyon nang trabaho sa agrikultura ang nawala, pangunahin dahil sa malawak na kumbersyon ng lupa at patuloy na pagdausdos ng produksyon sa agrikultura. Bumabaha ng sobrang lakas-paggawa ang kanayunan sa Pilipinas.

Pinalalala ng mga hakbangin ni Duterte ang kalagayang sosyo-ekonomiko ng milyun-milyong magsasakang walang lupa dahil sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa. Bigo ang reaksyunaryong programa sa reporma sa lupa sa nagdaang 30 taon na tugunan ang hangarin ng masang magsasaka para sa katarungang panlipunan at libreng pamamahagi ng lupa sa mga nagbubungkal ng lupa. Nagsilbi lamang itong isang transaksyon sa bentahan ng lupa. Mahigit 90% ng mga "benepisyaryo" ay di nakakumpleto ng pagbabayad ng amortisasyon. Ang iba sa esensya'y nananatiling walang lupa dahil marami'y obligadong pumasok sa mga kasunduan o kaayusan na nagkakait sa kanila ng kontrol sa kanilang lupa.

Nananatiling konsentrado ang lupa sa kamay ng iilan. Ang malalaking asyenda ay nasa kamay pa rin ng mga Cojuangco, Roxas, Araneta at iba pang malalaking panginoong maylupa. Nasa kontrol din ng malalaking plantasyon ang daan-daang ektaryang lupang agrikultural. Patuloy na dumaranas ang mga magsasaka at manggagawang bukid ng pyudal at malapyudal na anyo ng pagsasamantala kabilang ang mabigat na upa sa lupa, usura, mataas na upa sa mga kagamitan at napakababang pasahod.

Upang pahupain ang malawak na poot ng mga magsasaka dulot ng kawalan ng lupa, dislokasyon dahil sa kumbersyon ng lupa, paglaki ng disempleyo sa kanayunan at pagkawala ng kita, abala si Duterte na magpakitang-gilas at magsagawa ng mga palabas ng "distribusyon ng lupa." Subalit ganap na huwad ang "reporma sa lupa" ni Duterte. Ang totoo, ang ipinamamahagi niya'y pawang dokumento na nag-oobliga sa mga tatanggap na regular na magbayad ng amortisasyon. Walang-saysay ang utos niyang bigyang-prayoridad ang distribusyon ng mga lupa ng gubyerno at may layon lamang pagtakpan ang kanyang katapatan sa uring mga panginoong maylupa at mga may-ari ng mga plantasyon at ang kanyang pagtangging isailalim ang kanilang lupa sa reporma sa lupa.

Layon lamang ng huwad na mga deklarasyon sa reporma sa lupa ni Duterte na lokohin ang masang magsasaka para isuko nila ang kanilang pakikibaka para sa reporma sa lupa at gayo'y ipako sila sa habambuhay na paghihirap. Nagpapanggap siyang tagapagtaguyod ng reporma sa lupa sa walang-saysay na tangkang ilayo ang masang magsasaka sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ginagamit ni Duterte ang kanyang huwad na reporma sa lupa para bigyang-matwid ang todong

ANG Bayan

Tomo L Blg. 4 | Pebrero 21, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroomv2

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Iluwal ang rebolusyonaryong paglaban mula sa poot ng masa sa kanayunan 1
6 armas, nakumpiska ng BHB-Bukidnon 1
16 bihag ng digma pinalaya 4
Batas militar, muling pinalawig 4
Taripikasyon ng bigas 5
Batas sa *coco levy*, ibinasura 5
Ang interes ng US sa Sulu 6
Mga monopolyo sa internet 8
Mga atakeng sa pamamahayag 9
Lider-magsasaka, iligal na inaresto 10
Mag-iina, inaresto ng 1st SFB 11
Mga protesta 12
Kababaihan para sa karapatan 13
Bantang interbensyon sa Venezuela 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Iluwal...," mula sa pahina 2

panunupil sa masang magsasaka. Nais niyang palabasing tama ang mga walang-habas na pag-abuso at brutalidad na isinasagawa ng kanyang mga pwersang militar, pulis at paramilitar. Dumarami ang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, walang mandamyentong pag-aresto, arbitraryong detensyon, intimidasyon at pagbabanta, pwersahang "pagpasurender" ng buu-buong komunidad at iba pang paglabag sa mga karapatang-tao.

Gayunman, bigo si Duterte na itago ang malubhang kalagayang sosyo-ekonomiko ng masang magsasaka na labis na nagdurusa sa mga hambalos ng kanyang mga neoliberal na patakarang anti-magsasaka at anti-mamamayan. Mabibigo siyang pahupain ang nag-uumapaw na galit sa malawak na kanayunan.

Ang malawak na poot ng mga magsasaka ay dapat dalhin sa malawak na pagkilos ng masa. Dapat pukawin, organisahin at pakilusin ang malaking bilang ng masang magsasaka upang maglunsad ng lahat ng anyo ng pakikibaka para labanan ang pang-aagaw sa lupa at palit-gamit sa lupa, ang liberalisasyon sa importasyon ng bigas at iba pang patakarang neoliberal, igiit ang pagbabalik ng pondong *coco levy* sa mga magsasaka sa niyugan, at isulong ang kanilang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Dapat patatagin ang kanilang loob na labanan ang batas militar at igiit ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng mga internasyunal na makataong batas at maging sa ilalim ng reaksyunaryong konstitusyon. Dapat ilunsad ang mga demontrasyon ng mga magsasaka upang tipunin ang kanilang lakas, isulong ang kanilang mga pakikibakang antipyudal at basagin ang paghahari ng teror ni Duterte.

Dapat ubos-kayang itransporma sa rebolusyonaryong paglaban ang galit ng masang magsasaka. Dapat patuloy na paigtingin ng BHB at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang digmang bayan sa pagsusulong ng armadong pakikibaka at rebolusyong agraryo, gayundin sa pagtatatag ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

Sa pagsusulong ng reporma sa lupa, patuloy na natatamo ng BHB ang malalim at masaklaw na suporta ng malawak na masang magsasaka. Sa gitna ng lumalalang kalagayang sosyo-ekonomiko sa ilalim ni Duterte, lalong napupukaw ang masang magsasaka na sumuporta at sumapi sa hukbong bayan at lumahok sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka para ibagsak ang reaksyunaryong estado ng malalaking panginoong maylupa at burgesyang kumprador. AB

---

"6 armas...," mula sa pahina 1

Central Mindanao Region, nagsisilbi ang 1st SFB bilang pwersang panseguridad ng mga kumpanyang DOLE at Del Monte na sumakop sa mahigit 50,000 ektaryang lupain ng mga magsasaka at lupaing ninuno ng mga Lumad, at notoryus sa pambabarat sa kanilang mga manggagawa.

Matindi ang panunupil ng naturang yunit-militar sa daan-daang magsasakang nais bawiin ang kanilang mga lupa. Binansagan itong "massacre battalion" dahil sa brutal na mga pamamaslang nito sa prubinsya. Kabilang sa mga kaso nito ang masaker sa Bugna noong Marso 2015; sa Pangantucan noong Setyembre 2015 na pumatay ng limang sibilyan kabilang ang isang bulag na lolo at kanyang mga anak; at sa Talakag noong Marso 2016 na pumatay ng tatlong sibilyan at nagsugat sa isang buntis at dalawang iba pa.

**Quezon.** Pinaralisa ng isang yunit ng BHB-Quezon ang tatlong *backhoe* at isang buldoser na pag-aari ng isang kumpanyang gumagawa ng Kaliwa Dam sa Sityo Salok, Barangay Magsaysay, Infanta, Quezon noong Pebrero 7, alas-4:40 ng hapon. Malaon nang inirereklamo ng mamamayan ng Quezon ang proyektong ito dahil sa ibubunga nitong malawakang pagkawasak ng kanilang mga pananim at kabuhayan. Bahagi ng New Centennial Water Source Project (NCWSP) ang proyektong ito na ngayon ay nasa ilalim ng programang "Build, Build, Build" ng rehimeng US-Duterte. Tinatayang P12.8 milyon ang uutangin ng gubyerno mula sa China para sa proyektong ito.

**Negros Oriental.** Patay ang isang sundalo ng 94th IB na nagsasagawa ng operasyong "peace and development" sa Barangay Binobohan matapos ang operasyong isnayp ng BHB-Negros sa kampo ng kaaway sa Guihulngan City noong Pebrero 17, alas 9:00 ng umaga.

Sa Bicol, binigyang-parangal ng BHB-East Camarines Sur ang limang Pulang mandirigmang namartir sa labanan noong Enero 30 sa Barangay Lupi, Tinambac, Camarines Sur. Ang mga nasawi ay sina Randy Vega (Ka Ben), Marvin Baao (Ka Jazz), Florante Empeno (Ka Dan), Johnny Flores (Ka Mateo) at Florencio Iliw-iliw (Ka Rene). "Ibinigay nila ang kanilang buhay para sa pagpapalaya ng masang Pilipino," ayon sa lokal na kumand ng BHB.

Gayundin, binigyang-parangal ng BHB-Southern Tagalog ang kabayanihan ni John Carlo Alberto (Ka Yago), na namatay sa labanan noong Pebrero 14 sa Barangay San Buenaventura, Luisiana, Laguna.

Dating mag-aaral ng kursong Veterinary Medicine si Ka Yago sa University of the Philippines-Los Baños at naglingkod bilang Vice Chairperson ng Anakbayan-UPLB. Sumampa sa BHB si Ka Yago noong 2017, kung saan niya ipinagpatuloy ang pagbabahagi ng kaalaman sa mga magsasaka at mga kasama, partikular sa pag-aalaga sa hayop. Napaunlad niya rin ang kaalaman sa medisina at naging duktor ng bayan. AB

# 16 bihag-ng-digma, pinalaya na ng BHB-NEMR

PINALAYA NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-North Eastern Mindanano Region ang 16 na bihag ng digma noong Pebrero 14-19.

Sa unang bats, anim na myembro ng CAFGU Active Auxiliary (CAA) ang pinalaya ng BHB-Agusan del Sur noong Pebrero 14 sa Barangay San Juan, Bayugan, Agusan del Sur.

Sa ikalawang bats, pinalaya ng BHB noong Pebrero 18 sina PFC AJ Reginald Kiem ng 1st Special Forces Battalion (SFB) at CAA Bernabe Sahanay sa Sityo Kaunlaran, Barangay Tagbongabong, Remedios T. Romualdez sa Agusan Del Norte.



Sa ikatlong bats, pinalaya ng BHB noong Pebrero 19 sina Cpl. Eric Bulado Manangan at PFC Darlino Alipayo Cariño ng 3rd SFB, kasama ang anim pang myembro ng CAA sa Bayugan City, Agusan del Sur. Kabilang ang walo sa 14 sundalo at CAA na nabihag noong Disyembre 19 matapos ang walang-putok na reyd ng BHB sa detatsment ng 3rd SFB sa Barangay New Tubigon, Sibagat, Agusan del Sur.

Nasa mabuting kalagayan ang mga bihag, ayon sa duktor na tumingin sa mga pinalaya. Ang mga sundalo at CAA ay tinanggap ng mga upisyal ng lokal na gubyerno ng Agusan del Sur at mga lider-relihiyoso sa pangunguna ni Sr. Emma Teresita Cupin na gumampan bilang mga *third-party facilitator*. Dumalo rin ang tauhan ni Rodrigo Duterte na si Christopher Lawrence "Bong" Go at si Sebastian Duterte.

"Nagpapasalamat kami sa NPA sa pag-asikaso sa amin sa bundok, hindi nila kami sinaktan. Maraming salamat sa lahat ng mga kasama," pahayag ni Janjan Iligan, isa sa mga pinalaya.

"Salamat at hindi talaga kami sinaktan, kahit kurot wala," dagdag naman ni Jemuel Acebedo, isa pa sa mga pinalaya. Malaki rin ang kanyang pasasalamat na sila'y pinalaya ng BHB sa kabila ng patuloy na operasyon ng mga sundalo.

Ayon kay Ka Arina Magdiwang, kumander ng yunit-tagapangalaga, ang pagpapalaya sa mga bihag-ng-digma ay tugon sa apela ng iba't ibang grupo at indibidwal na nagpahayag ng suporta para sa pag-aayos ng kasunduan para rito. AB

# Batas militar, muling pinalawig; mamamahayag, inaresto

PINAGTIBAY NG KORTE Suprema noong Pebrero 19 ang ikatlong pagpapalawig sa batas militar sa Mindanao. Ito ang tugon ng korte sa inihaing apela ng Makabayan, mga abugado at oposisyon laban sa naturang pagpapalawig. Sinang-ayunan sa pinag-isang sesyon ng Kongreso ang pagpapalawig noong Disyembre 12, 2018.

Sa desisyong ito, binibigyang katwiran ng Korte Suprema ang pasismo at kawalan ng katarungang laganap sa Mindanao. Bulag at bingi ito sa pang-aabuso ng pulis at militar sa ilalim ng batas militar, at bigo itong dinggin ang panawagan ng mamamayan para sa hustisya.

Raling-indignasyon ang tugon ng mga kabataang estudyante sa University of the Philippines-Diliman sa Quezon City sa pagpapalawig ng batas militar. Kinundena ng mga ito ang kainutilan ng korte at pakikipagsabwatan nito sa reaksyunaryong rehimen.

Sa kaugnay na balita, inaresto sa kasong *cyber libel* si Maria Ressa ng onlayn na pahayagang Rappler, sa upisina nito sa Pasig City noong Pebrero 13. Alas-5:00 na ng hapon nang ihain ng mga kagawad ng National Bureau of Investigation ang mandamyento de aresto na pirmado ng Manila Regional Trial Court Branch 46. Hindi nakapagpyansa si Ressa sa nakatakdang "night court" sa Pasay City sa pagdadahilang hindi na umano saklaw ng hurisdiksyon ng huwes ang kaso. Karugtong ang pag-aresto kay Ressa sa nagpapatuloy na panggigipit ng rehimeng Duterte sa mga kritiko nito sa midya.

Kinundena ng mga grupo ng midya at mga progresibong organisasyon ang panggigipit kay Ressa. Ayon sa National Union of Journalist of the Philippines, ang gawa-gawang kaso ng *cyber libel* sa Rappler at sa hepe nito ay maliwanag na larawan ng pambabraso ng isang tiranikong gubyerno. Anila, bahagi ito ng pakana ng rehimen para patahimikin ang mapanuring midya at supilin ang malayang pamamahayag. Naglunsad ng koordinadong protesta ang mga grupo ng kabataan at midya para ipagtanggol ang kalayaan sa pamamahayag noong Pebrero 14-15.

Bago nito, nagmartsa noong Pebrero 18 ang Kadamay mula sa Department of Interior and Local Government tungong Camp Aguinaldo upang tutulan ang patuloy na pandarahas ng kapulisan at militar. Anila, ang mga karahasang ito ay maaaring paghahanda para sa pormal na pagpataw ng batas militar sa buong bansa. Naghagis ang grupo ng pulang pintura sa tarangkahan ng kampo bilang simbolo ng nagpapatuloy na karahasan at pamamaslang sa kanayunan. AB

# Taripikasyon ng bigas, papatay sa maliliit na magsasaka

Kamatayan ang hatid ni Rodrigo Duterte sa mga magsasaka sa mga palayan matapos ang pagpirma niya sa batas sa liberalisasyon ng pag-aangkat ng bigas o ang Rice Import Liberalization Law (Batas sa Liberalisasyon ng Importasyon ng Bigas) nitong Pebrero 14. Binibigyang-daan ng batas na ito ang ganap na liberalisayon o pag-aalis ng limitasyon sa pag-aangkat ng bigas.

Ang batas na ito ay alinsunod sa mga patakaran ng liberalisasyon na itinatakda ng World Trade Organization. Sa ilalim ng batas na ito, inaalis ang dating patakaran ng paglimita sa dami ng bigas na pwedeng ipasok sa Pilipinas na ipinatupad noon bilang proteksyon sa lokal na produksyon ng palay. Ang liberalisasyon sa importasyon ng bigas ay itinutulak sa gitna ng sobrang produksyon ng bigas at iba pang pagkaing-butil sa US, China at iba pang bansa.

Sa pagpapatupad ng batas na ito, dadagsa ang *imported* na bigas at matatabunan ang lokal na produksyon. Isasapanganib nito ang kabuhayan ng 2.4 milyong magsasaka sa palay at ang 19 milyong metriko toneladang produksyon ng palay ng Pilipinas. *(Tingnan ang artikulo kaugnay nito sa* Ang Bayan *Pebrero 21, 2018).*

Taliwas sa pangakong ibababa ng batas na ito ang lokal na presyo ng bigas, asahan na lalo pa itong tataas sa susunod na mga taon dahil gagawin nitong palaasa ang Pilipinas sa importasyon. Wala ring hakbangin para lansagin ang kartel ng bigas na kumokontrol sa suplay ng bigas sa Pilipinas, at inaasahang kokontrol din sa importasyon. Tiyak na patuloy na lolobo ang ganansya ng lokal na kartel pati na ng mga dayuhang kumpanya.

Ang inaasahang taunang P90 bilyong makukolektang taripa mula sa importasyon ng bigas ay tiyak na mapupunta lamang sa anti-mamamayang mga proyekto at pakikinabangan ng mga kroni at kaibigan ni Duterte at mga dayuhang malalaking kumpanya.

Imbes na tugunan ang kagutuman at kahirapan, lalong winawasak ni Duterte ang kakayahan ng bansa sa lokal na produksyong agrikultural at ang seguridad nito sa pagkain.


Bago nito, naglabas nitong unang linggo ng Pebrero ang Department of Agriculture ng Administrative Order 1 series of 2019 na nagpapabilis sa pagpapalit-gamit ng lupang agrikultural tungong *real estate*, gamit komersyal at industriyal. Kasunod ito ng pagpirma ni Duterte sa batas sa liberalisasyon ng pag-angkat ng bigas.

**Protestang magsasaka**

Nagmartsa noong Pebrero 19 ang mga magsasaka mula sa Laguna, Cavite at Bulacan tungo sa harap ng Department of Agrarian Reform (DAR) at Department of Agriculture (DA) sa Quezon City upang kundenahin ang sunud-sunod na kontra-magsasakang patakaran na ipinatupad ng gubyerno.

Pangamba ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at mga tagapagtaguyod ng kagalingan ng mga magsasaka, maaaring makaapekto ito sa industriya ng bigas at lokal na agrikultura sa bansa, tiyak na matindi rin ang epekto nito sa kaseguruhan sa pagkain ng mga Pilipino.

Plano naman ng National Food Authority Employees Association na magsampa ng kaso sa Korte Suprema dahil sa paglabag ng RA11203 sa kanilang karapatan sa katiyakan sa trabaho. Giit nila, ni hindi sila kinonsulta ng rehimen bago ipasa ang batas. AB



### Batas sa *coco levy*, ibinasura ni Duterte

TINANGGIHAN NI RODRIGO Duterte na pirmahan para maging batas ang Coconut Farmers and Industry Development Act noong Pebrero 10 dahil nais niyang kontrolin ang pagpapasya sa pondong nagkakahalaga ng P10 bilyon.

Ipinasa sa Kongreso ang naturang batas na nag-utos na ipamahagi na ang *coco levy* sa maliliit na magsasaka sa niyugan noon pang Disyembre 1, 2018. Para pangasiwaan ang paggamit ng pondo, isinaad sa batas ang pagtatatag ng bagong Philippine Coconut Authority (PCA) Board na bubuuin ng anim na magsasaka at walong kinatawan ng mga ahensya ng gubyerno. Bigo si Duterte na ipwesto ang kanyang mga kaalyado sa *board* na ito at balewalain ang kinatawan ng mga magsasaka. Dahil dito, hindi niya pinirmahan ang panukalang batas sa gawa-gawang dahilang mangangailangan diumano ito ng walang hanggang pondo. Ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, dapat itayo ang isang Genuine Small Coconut Farmers Fund at Genuine Small Coconut Farmers Council para mamamahala sa paggamit ng pondo, sa halip ng ipinanukala nitong PCA *board*.

# Ang masaklaw na interes ng US sa Sulu at karagatan nito

Nang mangyari ang dalawang magkasunod na pambobomba sa loob at labas ng simbahang Katoliko sa Jolo, Sulu noong Enero 28, mabilis itong idineklara ni Rodrigo Duterte na mga "suicide bombing" (pambobomba gamit ang sarili) ng mga "dayuhang terorista."

Hindi na baleng kasisimula pa lamang ng imbestigasyon at wala pang ebidensya ang kanyang mga pulis. Giit pa ni Duterte, patunay diumano ito na naglipana ang mga kampon ng ISIS sa Sulu at kinukupkop ang mga ito ng "maka-ISIS" na Abu Sayyaf Group (ASG). Sa gayon, kailangang lalupang paigtingin ng AFP ang mga operasyon nito sa Jolo at sa kabuuan ng prubinsya ng Sulu (Jolo, Basilan at Tawi-tawi).

Hindi nalalayo ang deklarasyon at estilo ni Duterte kaugnay ng mga "dayuhang terorista" sa Sulu ang deklarasyon niya noon na naglipana ang mga ito sa Marawi para bigyan-katwiran ang pagpataw ng batas militar at hayag na panghihimasok ng US sa bansa. Tulad ng Marawi noon, binigyan niya ng katwiran at higit na awtoridad ang AFP na manghalihaw at wasakin ang mga sibilyang komunidad, palayasin ang mga residente dito at sa kalauna'y ilaan ang kanilang lupa at rekurso sa mga burgesya-kumprador at kanilang mga dayuhang kasosyo.

Noong Disyembre 17, 2018, pormal niyang binuo ang bagong dibisyon ng AFP, ang 11th ID, na tututok pangunahin sa Sulu. Inamin naman ni Delfin Lorenzana, kalihim ng Department of National Defense, na matagal nang sangkot ang US sa mga operasyon ng AFP sa Sulu, partikular sa mga operasyon nito laban sa mga "dayuhang terorista." Katunayan, sa pambobomba sa Jolo nitong Enero, ang mga tauhan at gamit ng US ang unang dumating sa lugar. Pinapayungan ang mga aktibidad na ito ng US sa bansa ng Operation Pacific Eagle-Philippines, ang itinayo nitong "misyong kontra-terorismo" gamit ang "gera" sa Marawi noong 2016.


Nakadugtong din ang mas maigting na mga operasyong militar ng AFP at US sa lugar sa pagtatatag ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM), isang hakbang na mariing tinututulan ng Sultanato ng Sulu. Bumoto ang Sulu laban sa Bangsamoro Organic Law (BOL), ang batas na magtatatag ng BARMM. Gayunpaman, dahil nakapaloob ang Sulu sa dating Autonomous Region of Muslim Mindanao na pumabor sa BOL sa pangkalahatan, mapapailalim pa rin sa BARMM ang prubinsya.

**Sulu at ang "gera kontra-terorismo" ng US**

Malaon nang ginagamit ng US ang Mindanao, partikular ang arkipelago ng Sulu, bilang palaruan ng mga tropa nito. Itinuturing ito ng US Indo-Pacific Command–kasama ang kagyat at nakadugtong na karagatan dito, ang Sulawesi Sea (dating tinatawag na Celebes Sea)–bilang "nangungunang erya ng interes para gera kontra-terorismo sa Pacific" at "pokus sa *bilateral* na ugnayan ng mga bansa sa Southeast Asia." Binubuo ang Sulu-Sulawesi Sea ng isang milyong kwadrado kilometro ng karagatan at hinahangganan ng Pilipinas, Indonesia at Malaysia.

Tulad sa Marawi, ang pagtatambol ni Duterte kaugnay sa ISIS at mga dayuhang terorista sa Sulu ay nagbibigay-katwiran para sa malalim at masaklaw na interbensyong militar sa US sa bansa. Noong 2001, inilunsad ng US ang Operation Enduring Freedom Philippines (OEF-P) at binuo ang Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P) para muling ibase ang mga tropa nito sa bansa. Ito ay sampung taon matapos ibasura ng Senado ng Pilipinas ang Military Bases Agreement noong 1991 na nagpasara sa mga base militar ng US sa bansa. Sa ilalim ng OEF-P, direktang idinirehe ng US ang mga operasyon ng AFP sa Mindanao, partikular sa Sulu, sa tabing ng pagtugis sa ASG na noo'y iniugnay sa grupong Al Qaeda. Ang Al Qaeda ang nagpasimuno sa pambobomba sa US noong Setyembre 11, 2001, mga atakeng nagbunsod ng ilang-dekada nang mga gerang agresyon at okupasyon ng US sa Middle East, Afghanistan at Africa.

Para bigyan ng internasyunal na halaga, iniugnay ng US ang ASG sa Jemaah Islamiyah (JI), isang grupong maka-Al Qaeda na nakabase sa Indonesia at Malaysia, at tinaguriang "trayangulo ng teror" sa Southeast Asia ang tatlong bansa. Ang ASG, ISIS at maging ang al Qaeda, ay direktang iniluwal mula sa mga lihim na aktibidad ng Central Intelligence Agency ng US sa mga bansang pinakialaman nito sa nakaraang mga dekada. Ang US mismo ang nagpondo at nagpalaki sa ISIS mula 2012 nang armasan at gamitin nito ang grupo laban sa



kontra-US na rehimen sa Syria. Kapuna-puna na sa Pilipinas, muling lumalaki at nagiging aktibo ang ASG, isa sa mga halimaw na iniaanak ng lihim at korap na mga operasyon ng US at ng AFP, kapag kinakailangan ng militar ng US ng dagdag na panabing at katwiran para sa interbensyon.

Matagal nang ginagamit ng US ang Sulu Sea bilang lagusan at taguan ng mga barko at submarino nito, lingid man o hindi sa kaalaman ng nakaupong tuta nitong rehimen. Sa kalakhan ng dekada 2000, idinahilan ng US ang paggamit diumano ng ASG at JI sa Sulu-Sulawesi Sea para ilunsad ang malalaking pagsasanay-militar sa pagitan ng US at AFP sa tabing ng para diumano sa "seguridad pandagat." Pero mula 2009 hanggang 2016, hindi gaanong naging aktibo ang ASG sa itinuturing ng US na mga "teroristang aktibidad." Sa halip, naging tampok ang bandido at kriminal na katangian nito sa sunud-sunod nitong pagpangkidnap ng mga dayuhang turista at ordinaryong sibilyan, gayundin ng mga mangingisda sa laot ng Sulu-Sulawesi. Dahil dito, binago ng US ang pagpapalusot ng presensya nito sa Sulu mula sa simpleng "terorismo" tungo sa pagsugpo ng pamimirata at iba pang krimen na tinagurian nitong "terorismo sa karagatan."

**Seguridad pandagat, tabing sa pagpapakitang-lakas**

Ang totoo, layunin ng US na pusisyunan ang kabuuan ng Sulu-Sulawesi Sea para makontrol ang isang mahalagang ruta ng mga barkong militar at tropa nito, gayundin ng komersyo, sa rehiyon ng Southeast Asia.

Importante ang rutang ito dahil sa malalalim na bahagi ng dagat na pabor sa malalaking barkong pandigma at submarino na tumutungo at lumalabas sa South China Sea. Importante rin ito dahil dito nauugnayan at napapalahok ng US sa mga "kooperasyong pandagat" ang mga hukbo ng Indonesia at Malaysia, mga bansang hindi nagpapapasok at nagpapabase ng mga tropang Amerikano.

Liban dito, lagusan ang Sulu-Sulawesi Sea ng milyun-milyong mamamayan at komersyal na mga barko. Taun-taon, umaabot sa 18 milyong katao at 100,000 barkong nagkakarga ng 55 milyong toneladang produktong nagkakahalaga ng $40 bilyon ang dumadaan sa karagatang ito. Sa partikular, dito dumadaan ang mga *supertanker* (malalaking barkong may kargang langis) na hindi kayang dumaan sa Malacca Strait (sa pagitan ng Malaysia at Indonesia) dahil hindi sapat ang lalim doon. Karugtong din ng Sulawesi Sea ang Makassar Strait, ang pangalawang pinakamalaking *liquid natural gas field* na gumagana sa mundo.

Mula 2008 hanggang 2011, inilatag ng US ang Coastal Watch System (CWS), isang sistema ng mga radar para manmanan ang anumang kilos sa karagatan ng Pilipinas. Halos sampu sa mga radar na ito ay nasa karagatan ng Sulu habang ang dagdag na sampu ay ipinwesto malapit sa mga isla ng Palawan, Mindoro at Zambales (lahat nakaharap sa South China Sea); at sa Samar at mga baybay ng mga rehiyon ng Davao na nakatutok naman sa Sulawesi Sea at Pacific Ocean. Ipinagawa ng Department of Defense at Department of Energy ng US ang naturang mga radar sa pamamagitan ng direktang pagpopondo at ayudang militar. Noong 2015, pormal na ipinasa ng Defense Threat Reduction Agency ng US, ang ahensyang dinaluyan ng pondo, ang pangangasiwa sa naturang mga radar at ng sentrong upisina nito, ang National Coast Watch Center, sa rehimeng Aquino. Noong nakaraang taon, nadagdagan ito nang tusong ipinwesto sa Boracay ang isa pang radar habang nakasara ang isla sa publiko.


Mula 2016, muling binuhay ng US ang ASG para mas agresibong itulak ang dagdag na presensya at permanenteng pagbabase ng mga tropa, barko at iba pang sasakyan at gamit-militar nito sa Sulu-Sulawesi Sea. Halos walang patid ang presensya ng mga barko nito sa Sulu Sea sa tabing ng mga "pinagsanib na patrol" kasama ang Coast Guard ng Pilipinas. Kasabay nito ang walang patid ding pagtatambol ng US, kakoro si Duterte at ng AFP, sa presensya ng mga "dayuhang terorista" para pwersahin ang Indonesia at Malaysia na ibukas ang karagatan ng Sulawesi sa matagalang presensya ng mga barko nito.

Ang lahat ng ito ay nakabalangkas sa layunin ng US na magpamalas ng lakas *(power projection)* laban sa China sa Southeast Asia sa tabing ng "gera kontra-terorismo." Nakabalangkas ito sa Southeast Asia Maritime Security Initiative (MSI) na itinulak noon pa ng rehimeng Obama. Sa ilalim ng MSI, nagtatayo ang US ng mga imprastrukturang militar nito sa karagatan ng Southeast Asia para walang sagkang matukoy, mamanmanan at pigilan ang anumang aktibidad ng China sa South China Sea. Katulad ng CWS sa Pilipinas, kunwa'y pagaari ng mga bansa sa rehiyon ang mga imprastrukturang ito pero sa aktwal ay pangunahing pinatatakbo at pinakikinabangan ang mga ito US. Alinsunod sa plano nito, magtatayo ang US ng kaparehong sistema ng radar sa Vietnam, at magpwesto ng mas abante pang mga sistema ng radar sa Indonesia, Malaysia at Singapore. Kapalit nito, itinatambak ng US ang mga lumang gamit at sasakyang militar sa rehiyon tulad ng mga barko at eroplano.

Gayunpaman, hindi lahat ng bansa sa Southeast Asia ay kasingtuta ni Duterte. Hanggang ngayon ay tumanggi ang Indonesia at Malaysia sa pamimilit ng US na ibukas ang kani-kanilang karagatan sa matagalang presensya nito. Sa halip, itinulak ng Indonesia noong 2017 ang *trilateral patrol* sa Sulu-Sulawesi Sea kasama ang Pilipinas at Malaysia nang walang direktang partisipasyon mula rito. AB

# Higanteng tubo ng mga monopolyo sa internet

Dominado ng iilang higanteng kumpanya ang internet. Dalawa sa pinakamalalaki ang Facebook at Google. Nagkakamal ang mga ito ng bilyun-bilyong dolyar na tubo sa pamamagitan ng monopolyo at kontrol sa pinakamalaking operasyon sa internet.



Kilala ang Facebook bilang *social media website* (daluyan ng komunikasyon at interaksyon ng iba't ibang *user* o tagagamit nito). Una namang nakilala ang Google bilang "search engine" o *website* para sa paghahanap ng impormasyon sa internet. Kalaunan, kapwa nagsanga sa iba't iba pang serbisyo ang mga ito.

Nagsimula ang Facebook noong 2004 na may pitong empleyado lamang pero nag-eempleyo na ngayon ng mahigit 35,500 manggagawa. Lampas 70 kumpanya na ang nilamon nito na nagkakahalaga ng mahigit $23 trilyon. Kabilang sa mga pagmamay-ari ng kumpanya ang Instagram, ang pinakamalaking imbakan ng mga larawan sa internet, ang WhatsApp (ang pinakalaganap na programa sa pagpapadala ng mensahe), at samutsaring kumpanya na may iba't ibang teknolohiya. Sa pamilihan ng mga sapi, umabot sa $456 bilyon ang halaga ng Facebook nitong ikatlong linggo ng Pebrero.

Mahigit 230 mas maliit na kumpanya naman ang binili ng Google mula noong 2001. Karamihan sa mga ito ay sa *advertising* (17 kumpanya); *media and entertainment* (32 kumpanya kabilang ang YouTube); mga programa sa selpon (23 kumpanya kabilang ang Android), *cloud* o imbakan sa internet (24 kumpanya), *social media* at mga larawan (26 kumpanya) at maraming iba pang serbisyo.

Dahil mga monopolyo kapitalista, nangungunang interes ng mga ito ang pagkamal ng tubo, gaanuman nila ipahayag na nagtataguyod sila ng "demokratisasyon ng kaalaman," "pag-ugnay sa buong mundo bilang isang komunidad," at "libreng mga serbisyo."

Pangunahing pinagmumulan ng kita ng Google at Facebook ang paglalagay ng mga *advertisement (ads)* o patalastas sa kanilang mga pahina sa internet. Noong 2017, nagtala ang Facebook ng mahigit $40 bilyong kita, kung saan 89% nito ay nagmula sa mga *ads*. Sa ikalawang kwarto ng 2018, nagtala ang Alphabet, ang kumpanyang nagmamay-ari ng Google, ng mahigit $26 bilyong kita, 86% nito mula sa mga patalastas ng Google.

**Tubo sa pagmamanman**

Ang pinakamalaking pinagkakakitaan ng Facebook at Google, pati na ng Amazon at ang relatibong mas maliit na kumpanyang Twitter, ay ang pagbebenta ng impormasyon na nagmumula sa ilang bilyong gumagamit sa mga nito. Habang libreng ginagamit ang mga serbisyo ng mga kumpanyang ito, detalyado namang sinusubaybayan ang mga aktibidad ng *user* o mga gumagamit dito.

Para sa mahigit dalawang bilyong gumagamit ng Facebook, libre silang nakagagawa ng mga *account* upang makipag-ugnayan sa kanilang mga "kaibigan." Kapalit nito, iniipon, pinoproseso at pinag-aaralan ng Facebook ang lahat ng impormasyong iniluluwal ng mga talastasang ito. Ipinakita sa isang pag-aaral na batay sa padron ng mga "Like" sa Facebook, awtomatiko at halos eksaktong natatantya ang personal na mga katangian ng *user* kabilang ang oryentasyong sekswal, lahi, pananaw sa relihiyon at pulitika, edad at kasarian, lokasyon at iba pang impormasyon.

Kung hindi maingat na gagamitin ang Google at mga produkto nito (kabilang ang mga Android *smartphone*) eksakto ring nakukuha ng Google ang lokasyon ng isang indibidwal. Lahat ng ilagak na impormasyon ng *user* sa isa sa mga libreng serbisyo ng Google ay iniuugnay ng kumpanya sa iba pa nitong mga serbisyo.

Ang mga impormasyon na ito ay itinuturing na "hilaw na materyales" na minimina, pinuproseso at ibinebenta ng Facebook at Google. Sa pagpuproseso gamit ang mga kompyuter, natataya ang magiging aksyon ng tao sa kasalukuyan, sa kagyat at sa hinaharap, mga bagay na ginto para sa mga *advertiser*. Tinaguriang *surveillance capitalism* o kapitalismo sa pagmamanman ang ganitong sistema ng pagkakamal ng tubo ng malalaking kumpanya sa internet. Ang pagbenta ng naprosesong impormasyong ito na siyang "produkto" ng mga kapitalista sa pagmamanman, ang kanilang pinagkunan ng dambuhalang yaman.

Ikinakatwiran ng mga ito na ang gayong pag-iipon ng datos ay para lumikha ng mga patalastas na nakaayon sa partikular na hilig ng indibidwal. Pero ang gayong pagmimina ay isinasagawa na walang pahintulot at taliwas sa karapatan sa pribasiya at kagustuhan ng kalakhang gumagamit sa Facebook. Pitong bansa na sa Europa ang naghain ng kaso laban sa Facebook, habang sunud-sunod din ang mga imbestigasyong kinakaharap ng Facebook dahil sa paglabag sa karapatan sa pribasiya ng milyun-milyong *user*.

Hindi lamang sa mga *advertiser* ibinebenta ng mga kumpanyang ito ang minimina nilang impormasyon. Noong 2018, nalantad ang pagbenta ng Facebook sa Cambridge Analytica, isang kumpanyang taga-

payong pampulitika, ng personal na datos ng milyun-milyong tao sa Facebook nang walang pahintulot, kabilang ang mahigit isang milyon mula sa Pilipinas. Ginamit ang mga impormasyong ito para sa pagdisenyo ng kampanya sa eleksyon na pinaniniwalaang pinakinabangan nina Pres. Donald Trump ng US at Rodrigo Duterte sa eleksyong 2016 sa Pilipinas.


Mahigpit din ang ugnayan sa militar ng Facebook at Google, pati na ang ibang mga kumpanya sa teknolohiya. Sa gayon, ang mistulang libreng mga serbisyo sa internet ay nagagamit bilang mga makinarya para sa malawakang pagmamanman. Dalawa sa mga kumpanyang pagmamay-ari ng Facebook ang gumagamit ng teknolohiyang militar na *facial recognition* o pagkilala sa mukha gamit ang kompyuter. Malawakan naman ang isinasagawang pagmamapa ng Google sa bawat sulok ng daigdig nang walang pahintulot sa mga gubyerno at mamamayan. Nagagamit ang mga datos na ito sa malaking imbakan ng impormasyon na National Security Agency ng US.

Sa modernong teknolohiya, lahat ng de-kompyuter na aktibidad ng mamamayan ay napuproseso at sinusuri, at nakapagbubuo ng datos tungkol sa kanilang mga pagkatao. Sa kontrol ng mga monopolyo kapitalista, nagsisilbi ang modernong teknolohiya sa pagpapalaki ng kanilang tubo at pagsikil sa demokrasya.

Nagagamit ng mga demokratikong pwersa ang internet, sa kabuuan, at ang imprastruktura ng *social media*, sa partikular, para sa pagsisiwalat ng impormasyon para sa interes ng nakararaming mamamayan. Gayunman, kinakailangang isagawa ang mga ito na aktibong ipinagtatanggol ang mga karapatan sa pribasiya at mulat sa mga itinakdang limitasyon ng mga antidemokratikong higante sa internet. AB

# Atakeng DDoS at iba pang pagsikil sa karapatang mamamahayag

NITONG NAKARAANG DALAWANG buwan, sunud-sunod at sabay-sabay ang atake sa mga *website* ng Partido Komunista ng Pilipinas at alternatibong mga pahayagan sa internet. Walang ibang pagmumulan ang masaklaw at koordinadong mga atake sa pamamagitan ng DDoS o Distributed Denial of Service, kundi ang mga espesyal na yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP)—ang tinaguriang mga *social media monitoring cell* o *cyber army*.




Layunin nitong isara ang naturang mga *website* at putulin ang ugnay ng mga ito sa publiko. Direktang paraan ito para busalan ang pagpapahayag ng batikos at pagtutol ng mamamayan laban sa rehimeng US-Duterte at mga patakaran nito.

Isa sa unang nakaranas ng atakeng DDoS ang PRWC (philippinerevolution.info) noong Disyembre 26, 2018, kasabay sa paggunita ng PKP sa ika-50 taong anibersaryo nito. Dahil sa atake, hindi mapasok ang *website* sa loob ng ilang araw. Gayundin, sa araw ding iyon unang nakaranas ng atakeng DDoS ang mga *website* ng alternatibong midya na Kodao, Bulatlat at PinoyWeekly matapos nilang ibalita ang mga pagdiriwang ng PKP.

Ang atakeng DDoS ay isang paraan ng pag-atake sa isang *website* upang di ito maabot ng publiko. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagdumog sa *server* (kompyuter na namamahala sa *website*) gamit ang *botnet* o lambat ng libu-libong kompyuter na iligal na kinontrol ng pasimuno ng pag-atake.

Hanggang sa kasalukuyan ay patuloy ang mga atakeng DDoS. Dagdag sa mga listahan ng mga inaatake ang Manila Today, Altermidya, National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) at Karapatan. Ang mga pahayagan at organisasyong ito ay pawang tumutuligsa sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang, batas na TRAIN, Oplan Tokhang at iba pang anti-mamamayang patakaran ng rehimeng Duterte. Inatake maging ang Qurium, isang organisasyon na eksperto sa internet at kompyuter na tumutulong sa mga progresibo na labanan ang DDoS.

Sa imbestigasyon ng Quirium, ang mga atakeng DDoS ay mula sa iisang grupo, gumagamit ng iisang rekurso at magkakahalintulad ang estilo. Tanging isang organisasyong masaklaw at may malaking pondo at rekurso tulad ng *cyberarmy* ng AFP ang may kakayahang ilunsad ito. Tuwiran itong sinanay at tuluy-tuloy na pinopondohan ng US. Katunayan, nitong Pebrero 11 lamang, nangako ang US na magbibigay ng dagdag na P300 milyon sa AFP para sa pagkuha ng impormasyon at sarbeylans sa ngalan ng pagsugpo ng terorismo.

Tuluy-tuloy din ang panlilinlang at panloloko ng rehimen kasabay ng pambubusal nito sa in-

*"DDoS...," sundan sa pahina 10*

"DDoS...," mula sa pahina 9

ternet. Noong Disyembre 2018, lumikha ang AFP ng pekeng *website* na kahalintulad ng *website* ng PRWC sa tangkang lokohin ang mga tumatangkilik dito. Una nitong inilathala ang isang pekeng liham ni Jose Ma. Sison, tagapangulong tagapagtatag ng PKP. Kasunod nito ay kinopya ng AFP ang mismong disenyo ng upisyal na *website*, upang maglikha ng kalituhan sa mga sumusubaybay sa balita ng rebolusyon.

May ilang panahon na ring inaatake at minomonitor ng *cyber army* ng AFP ang mga aktibidad ng mga aktibista. Gamit ang kanilang mga *troll*, nagpapakalat ang rehimen ng mga pekeng balita at insulto sa Facebook laban sa kanila.

Ilang *social media account* na ng PKP ang ipinasara ng AFP. Makailang ulit rin na pinagbawalang magpost at nasuspinde ang mga *account* nito sa *social media*. Dumanas ng katulad na panggigipit ang iba't ibang kumand ng BHB at yunit ng Partido sa iba't ibang panahon mula pa noong nakaraang taon. Noon pang 2017 iniutos ni Duterte sa reaksyunaryong militar na wasakin ang PKP kabilang na ang mga tinagurian nitong ligal na prente ng PKP at imprastruktura nito sa internet. AB




# Lider-magsasaka, iligal na inaresto sa Palawan

Sunud-sunod ang pamamaslang, iligal na pag-aresto at pagkulong ng mga pulis at sundalo ng rehimeng US-Duterte sa mga sibilyan nitong nakaraang dalawang linggo.



Hinuli ng Philippine National Police noong Pebrero 7 si Norly Bernabe, tagapangulo ng Kalipunan ng mga Samahang Magbubukid Sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) sa Taytay, Palawan. Kasalukuyan siyang nakapiit sa Puerto Princesa, Palawan batay sa mga gawa-gawang kasong pagpatay. Aktibong nakikibaka si Bernabe para sa mga magbubukid sa Lupang Pujalte laban sa Guevent Corporation.

**Pamamaslang.** Sa Pangasinan, pinatay si Roberto Mejia kasapi ng Ulopan na Umbaley ed Camp Gregg Military Reservation, kaalyadong organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa Barangay Sancagulis, Bayambang, Pangasinan noong Pebrero 8. Matagal nang ipinaglalaban ng mga magsasaka sa lupa ng Camp Gregg ang kanilang teritoryo laban sa mga Cojuangco-Aquino ng Central Azucarera De Tarlac. Si Mejia, mas kilala bilang Ka Bobby, ay kalahok sa isinagawang bungkalan sa kanilang lugar. Siya ang ika-182 magsasakang pinatay sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Sa Camarines Sur, dinukot ng mga tropa ng 9th IB ang apat na sibilyan bandang alas 5 ng umaga noong Pebrero 9, sa Pulang Daga, Barangay Baya, Ragay. Ang mga biktima ay sina Christian Rañon, Boboy Esmero, Ricky Bendaña, at Rico Bendaña. Sinugsog ng mga upisyal ng barangay at mga residente ang pwesto ng mga sundalo upang bawiin ang apat. Hindi pinakawalan ng kumander ng yunit ang mga magsasaka, na duguan at bugbog-sarado. Nagpasaklolo ang grupo, kasama ang ilang taga-midya, sa pulis pero sa halip na tulungan sila, itinuro lamang sila sa kampo ng 9th IB sa Barangay Samay. Inamin ng isang Lt. Col. Abella, punong kumander ng 9th IB, na nasa kostudiya nila ang mga sibilyan.

**Militarisasyon.** Ang tiranikong estilo ng brutal na pagpatay, malawakang iligal na pag-aresto, detensyon at umiigting na operasyong militar ay mga kondisyon na nararanasan ng mamamayan sa Mindanao mula nang ideklara dito ang batas militar. Ganito rin ang kasalukuyang nararanasan sa Samar at Negros, dagdag pa ang implementasyon ng Memorandum Order No. 32 na epektibong naglagay sa mga islang ito sa ilalim ng *de facto martial law*.

Sa Samar, mahigit 200 sundalo mula sa 87th IB ang umookupa sa mga baryo sa bayan ng San Jose de Buan mula huling linggo ng Enero. Ayon sa Katungod-Sinirangan Bisayas, ang mga residente ay pwersahang iniinteroga, kinukunan ng larawan at pilit na pinapipirma sa blangkong mga papel. Plano rin ng 87th IB na magtayo ng kampo na may layong 10 metro lamang mula sa lokal na eskwelahan. Layunin ng militar na gamitin bilang pansalag ang mga residente. Ito ay malinaw na paglabag sa International Humanitarian Law.

Ang okupasyon sa San Jose de Buan ay nangyari bago lisanin ng 63rd IB ang Barangay Bay-ang sa Bayan ng San Jorge, Samar. Ito ay matapos pwersahang lumikas ng mga residente dito dulot ng isinagawang istraping at pambobomba sa kanilang komunidad.

Matagal nang nagkakampo ang 87th IB sa Barangay Cantato sa bayan ng Paranas at naglulunsad

"Palawan...," mula sa pahina 10

ng operasyong kombat sa mga baryo ng Angase, Sto. Niño, Pagsanghan at Tapul. Nagdulot ito ng takot sa mga magsasaka at nagresulta ng pagliit ng produksyon sa kanilang taniman. Ayon sa ulat ng Katungod-Sinirangan Bisaya, may 545 na barangay ang apektado ng militarisasyon sa Eastern Visayas. Sa bilang na ito, 250 ang nasa ilalim ng mga operasyong "peace and development" na nagresulta na sa anim na insidente ng sapilitang pagpapalikas.

Sa Negros, walang lugar sa isla na hindi nakararanas ng terorismo ng estado. Ang dagdag na 220 sundalo sa Negros ay higit na nagpapaigting ng militarisasyon sa lugar. Wala nang ligtas na lugar sa Negros lalupa't naglipana rin ang Duterte Death Squad (DDS). Meron nang 50 kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang ang naitala sa isla sa ilalim ni Duterte.

Sa Southern Negros, naglunsad ng operasyong militar mula pa noong Pebrero 9 ang 15th IB sa hangganan ng mga barangay ng Pinggot, Ilog, at Locotan sa Kabankalan City, Negros Occidental at Barangay Villasol, Bayawan City sa Negros Oriental.

Sa parehong araw, nakatanggap din ng ulat ang Karapatan na isang dating kasapi ng Anakbayan, si Clintoy Alsong, ang binaril sa Barangay Calamba, Guihulngan City. Bagaman nakaligtas, nananatiling nasa panganib ang kanyang buhay. Naganap ang insidenteng ito tatlong araw matapos makauwi ang mga bakwit sa kanilang mga tirahan.

Samantala sa Northern Negros, magkatuwang ang 79th IB at ang PNP sa pananakot sa mga residente ng Don Salvador Benedicto gamit ang gawa-gawang kaso upang ipailalim sila sa kamay ni Don Salvador Benedicto Dela Cruz. Nito lamang Pebrero, limang sibilyan ang inaresto sa naturang bayan at pinagbibintangang mga kasapi ng BHB. Ayon din sa Northern Negros Alliance Of Human Rights Advocates tuluy-tuloy ang mga operasyong pangkombat, pagpapatawag ng 79th IB, PNP at iba pang pwersang paramilitar ng mga pulong sa mga komunidad ng mga magsasaka. Laganap ang mga pagpapatawag na ito sa Escalante, San Carlos at Sagay, gayundin sa mga bayan ng Toboso, Calatrava at Don Salvador Benedicto. Ang mga operasyong militar na ito ay nagsimula noon pang huling kuwarto ng 2018. Matapos ang brutal na masaker sa Sagay noong Oktubre 2018, marami pang mga magsasaka ang nabiktima ng iligal na pag-aresto, panghahalughog, pananakot at intimidasyon. Ang mga inaarestong sibilyan ay tinutortyur din at ipiniprisinta sa publiko bilang mga myembro ng BHB.

Sa Central Negros, patuloy namang dumaranas ang mga sibilyan ng pag-atake sa ilalim ng 94th IB, laluna nang ipatupad ang Synchronized Enhanced Managing of Police Operations (SEMPO) o Oplan Sauron sa Negros Oriental. Nag-ulat din ang Leonardo Panaligan Command na sinunog ang bahay ni Arlene Pausal nitong Pebrero 14, isang buwan matapos ang taktikal na opensiba ng BHB sa Barangay Banwage, Guihulngan City. Hanggang sa kasalukuyan, patuloy na nagsasagawa ng operasayong militar ang 94th IB. Naglabas sila ng listahan ng mga lider-magsasaka na kanilang pinagbantaang dadakpin "buhay man o patay."

**Panggigipit.** Tuluy-tuloy ding ginigipit ang mga aktibista sa iba pang bahagi ng Mindanao. Noong Pebrero 8, nakatanggap ng banta sa kanyang buhay sa pamamagitan ng mensahe sa selpon si John Timothy Romero, *program coordinator* ng Center for Lumad Advocacy, Networking and Services (CLANS). Noon namang Pebrero 12, isang misyonero mula sa Rural Missionaries of the Philippines-Northern Mindanao Subregion ang nakatanggap din ng mga mensahe ng pananakot sa selpon. AB

## Mag-iina, arbitraryong inaresto at ikinulong ng 1st SFB

ARBITRARYONG INARESTO AT ikinulong ng 1st Special Forces Battalion (SFB), sa pangunguna ni Capt. Lorefel Judaya, ang mag-inang Gloria O. Jandayan at kanyang anak na si Gleceria J. Balangiao sa Macabalan, Cagayan de Oro City noong Pebrero 11. Dinala ang dalawa sa kampo ng 1st SFB sa Mampayag, Manolo Fortich, Bukidnon. Si Jandayan ay *health worker* sa Barangay Macabalan at myembro ng Gabriela samantalang si Balangiao naman tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa ilalim ng Rural Missionaries of the Philippines-Northern Mindanao Subregion na nakabase sa Cagayan de Oro City. Unang pinatawag ni Judaya, upisyal paniktik ng 1st SFB, ang mag-ina sa *barangay hall* ng Macabalan at ipinailalim sa interogasyon. Pinaratangan si Jandayan na medik ng BHB.

Noon namang Pebrero 14, alas-11 ng umaga, iligal ding inaresto ang inang si Lorena Micabalo, kasama ang kanyang tatlong-buwang sanggol na si Zhia, sa Tagum City. Ayon sa Karapatan-Northern Mindanao, pinuntahan ng mga sundalo ng 1st SFB sa pangunguna ng isang Major Macaranban ang bahay ni Micabalo at dinala ang mag-ina rin sa kampo ng 1st SFB sa Bukidnon. Walang ipinakitang mandamyento ang mga umaresto kay Micabalo. Sinampahan siya ng gawa-gawang mga kaso at pilit na pinaaamin na kasapi ng BHB. Tumanggi si Major Macaranban na palayain si Micabalo at ibigay sa kostudiya ng pamilya dahil kunektado diumano ang mga ito sa BHB. Nananatiling nakabimbin ang dalawang pares ng mag-ina sa kampo ng militar at pinagkakaitan ng karapatang makita ng abugado at kanilang mga kamag-anak.

# 625 kaso ng sapilitang pagkawala, pinatatanggal ni Duterte sa UN

PORMAL NA HININGI ng rehimeng US-Duterte noong Pebrero 13 sa United Nations Working Group on Enforced or Involuntary Disappearances (UN WGEID) na tanggalin sa listahan nito ang 625 kaso ng sapilitang pagkawala sa bansa.

Saklaw ng listahan ang mga pangalan ng mga dinukot ng reaksyunaryong estado mula 1975 hanggang 2012. Layunin ng pakanang ito ng rehimen na pagtakpan ang pananagutan ng pangunahing mga responsable sa mga krimen.

Tahasang pag-alipusta ang hakbang na ito sa pagsisikap ng mga kaanak ng mga biktima para makamtan ang hustisya na matagal nang ipinagkakait sa kanila. Sa ulat ng mga grupo ng karapatang-tao, 759 indibidwal ang dinukot at hindi na inilitaw sa panahon ng diktadurang US-Marcos. Mayroon namang 821 kaso ng sapilitang pagkawala sa panahon ng rehimen ni Corazon Aquino, 39 sa panahon ng rehimeng Ramos, 26 sa rehimeng Estrada, 206 sa rehimeng Arroyo, 29 sa panahon ng rehimen ni Benigno Aquino, at walo sa ilalim ni Rodrigo Duterte.

Ayon sa Karapatan, kriminal na kapabayaan ng rehimeng Duterte ang kawalang-pananagutan sa mga kaso ng sapilitang pagkawala, sa kabila ng mga batas tulad ng Anti-Enforced or Involuntary Disappearance Law of 2012 at ang Human Rights Victims Recognition and Reparation Act of 2013. Maging ang naging hatol kay dating Army General Jovito Palparan ay hindi bunga ng pagtalima ng rehimen sa ligal na mga balangkas, kundi dahil sa matiyagang pagsisikap ng pamilya ng mga biktima, katuwang ng mga grupo ng tagapagtaguyod ng karapatang-tao, na panagutin ang maysala.

### Anakpawis, nagprotesta laban sa reklamasyon

DAAN-DAANG MYEMBRO NG Anakpawis, Pamalakaya, Kadamay at Gabriela ang nagprotesta sa Maynila noong Pebrero 18 laban sa kabuuang 32,000-ektaryang proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

Ayon sa Pamalakaya at Kadamay, sa tabing ng rehabilitasyon ng Manila Bay itatayo ang mga pook-aliwan at turismo sa erya at palalawakin ang mga pantalan, magreresulta ito sa kawalan ng tahanan at kabuhayan ng may 300,000 maralita at mangingisda.

Inamin mismo ng Philippine Reclamation Authority na may 43 proyektong reklamasyon sa Manila Bay. Kabilang sa plano ang may 140 ektaryang proyektong Solar City ng Manila Goldcoast Development Corporation, ang 1,200-ektaryang proyekto ng SM Prime Holdings na magtatayo umano ng isang "syudad," at 407-ektaryang City of Pearl na proyekto ng isang korporasyong Chinese na UAA Kinming Dev't, kung saan kasosyo ang kroni ni Duterte na si Dennis Uy. Ipinailalim na ito ni Duterte sa kanyang upisina upang masolo ang kita sa may 120 proyektong reklamasyon sa buong bansa.

Binigyang pansin din ng mga nagprotesta ang may 50-ektaryang proyektong ekspansyon ng Manila Harbour Center ng R-II Builders, Inc., 50 ektaryang proyekto ng Baseco Rehabilitation and Devt., Inc. (Bradi), ang 40 ektaryang reklamasyon ng PRA at ang 140-ektaryang Navotas Boulevard Business Park. Aprubado na ang mga ito ng lokal na gubyerno ng Maynila.

### #AyokongMagmahal 2019

#AYOKONGMAGMAHAL ANG panawagan ng mga kabataang estudyante sa bantang pagtaas ng mga bayarin at matrikula. Noong Pebrero 15, nagrali ang Rise For Education-Cebu sa harap ng Commission on Higher Education Region 7 upang kundenahin ang muling pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin sa mga kolehiyo at unibersidad. Ito ay matapos maghain ng petisyon noong Pebrero 7 ang 1,400 pribadong paaralan para itaas ang matrikula nang 6-8% para sa taong 2019-2020. Idinadahilan ng mga may-ari ng pribadong mga paaralan ang batas na TRAIN para itaas ang matrikula.

Sa kasalukuyan, may 1,710 pribadong unibersidad sa buong bansa samantalang 233 lamang ang pampubliko. Sa gayon, mayorya sa mga eskwelahan at estudyante ay hindi saklaw ng Universal Access to Quality Tertiary Education Act o RA 10931, na dapat nagpapatupad ng libreng matrikula sa mga pampublikong pamantasan. Gayundin, hindi lahat ng mga bayarin sa mga pampublikong unibersidad ang sinasaklaw ng batas.

Sa ngayon, umaabot sa P100,000-200,000 ang matrikula, pagkain, gamit-eskwelahan at iba pang gastusin para sa *senior highschool*. Mangangailangan naman ng P160,000-230,000 para sa pribadong kolehiyo.



# Bantang interbensyong militar ng US sa Venezuela, nilabanan

Humugos sa mga lansangan ang daanlibong mamamayang Venezuelan noong Pebrero 21 para batikusin at labanan ang banta ng tuwirang panghihimasok militar ng US sa tabing ng pagpapadala ng "makataong ayuda." Pinakahuli ito sa serye ng mga mapanghimasok na hakbang ng imperyalistang US na naglalayong pabagsakin ang lehitimong gubyernong Bolivarian at iluklok sa kapangyarihan ang isang sunud-sunurang rehimen.

Ang hakbang na ito ay matapos mabigo ang tangkang pagpapatalsik kay Nicolas Maduro, presidente ng Venezuela, noong Enero 23. Bigo rin ang US at mga imperyalistang kaalyado nito na brasuhin ang mamamayang Venezuelan na balewalain si Maduro, at pwersahin siyang magpatawag ng eleksyon.

Aktibong nilabanan ng mamamayang Venezuelan ang samutsaring pakana ng US. Patuloy nilang sinusuportahan si Maduro na nangakong ipagpatuloy ang rebolusyong Bolivarian para sa pambansang kalayaan at isulong ang pamana ng yumaong lider na si Hugo Chavez. Bukod sa mga *sanction*, tinangka rin ng US ang asasinasyon kay Maduro noong nakaraang taon gamit ang mga *drone* na may dalang mga bomba. Kinilala ng US ang oposisyunistang si Guaido matapos ideklara ng huli ang sarili bilang "presidente" ng Venezuela.

Para gawing katanggap-tanggap, ginagamit ng US ang pagdadala ng 200 toneladang ayudang

*"Venezuela...," sundan sa pahina 14*

## Kababaihan, nanindigan para sa karapatan

SA IKAPITONG TAON ng One Billion Rising, daan-daang kababaihan sa pangunguna ng Gabriela, ang nagtipon sa Rajah Sulayman Park, Roxas Boulevard, Maynila noong Pebrero 14 upang sumayaw bilang protesta laban sa tumitinding pasismo at tiraniya sa bansa.

Binigyang diin sa aktibidad ang lansakang pandarambong sa rekurso at yaman ng bansa alinsunod sa mga neoliberal na patakarang itinutulak ng imperyalismong US at ng panghihimasok ng China. Ibinebenta ng rehimeng Duterte ang soberanya at mga teritoryo ng bansa upang tiyaking makapanatili sa pwesto at makinabang sa bilyun-bilyong halaga ng mga kasunduan.

**Kalagayan ng kababaihan**

Ayon sa Center for Women's Resources (CWR), lalupang tumindi ang pandarahas at atake sa kababaihan sa ilalim ng macho-pasistang rehimen. Anang grupo, kahit mismo ang mga datos ng Philippine National Police ay nagpapakita na may naitalang 2,962 kaso ng panggagahasa sa bansa mula Enero hanggang Mayo 2018 o 20 kaso kada araw. Inihayag din ng grupo na 56 na tauhan at upisyal ng PNP ang kabilang sa mga iniulat na mga salarin. Mayorya sa mga biktima ng mga ito ay nasa edad 17 pababa na hinuhuli sa "gera kontra-droga." Wala pang napapanagot sa mga kasong ito.

Patuloy din ang pambabastos ni Duterte at mga alipures nito sa kababaihan sa kabila ng paulit-ulit na pagbatikos ng publiko. Walang humpay ang pang-aatake ng rehimen sa kababaihang lider-masa, aktibista, taong simbahan at manggagawa sa midya. Sa 540 bilanggong pulitikal sa kasalukuyan, 45 ang kababaihan. Samantala, 33 sa 141 biktima ng pampulitikang pamamaslang ay babae.

Pinapasan ng kababaihan ang walang patlang na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, kahirapan at kawalan ng kabuhayan. Bagsak ang kita at walang tiyak na trabaho ang mayorya sa kababaihan. Sila ang karaniwang iniempleyo sa mga pabrika ng manupaktura na nagpapatupad ng iba't ibang iskema ng kontraktwal na paggawa. Ang iba naman ay binabayaran sa iskemang pakyawan. Halimbawa nito sa Marikina, kung saan P7-P18 lamang ang ibinabayad sa bawat nabubuong tahing-kamay na sapatos na ibinebenta sa pamilihan nang P1,500 hanggang P2,500.

Ayon pa sa CWR, milyun-milyong kababaihan ang tiyak na maghihirap at magugutom sa pagpapatupad ng ikalawang andana ng batas na TRAIN. Sa datos mismo ng Philippine Statistics Authority, may 21.9 milyon ang naghihirap at hindi halos makabili ng kanilang batayang pangangailangan. Mga kababaihan ang higit na nakakaranas ng bigat ng pagtaas ng presyo ng bilihin lalupa't sila ang karaniwang nagbabadyet ng kita ng pamilya.

Bago ang mayor na aktibidad noong Pebrero 14, nagkasa rin ng #OneBillionRising ang iba't ibang paaralan at organisasyon bilang paghahanda. Ilan sa nakiisa ang Lyceum of the Philippines University-Manila, Sta. Isabel College-Manila, Tanauan's Assumption Academy sa Leyte, University of Eastern Philippines, lokal na pamahalaan ng Catarman, Northern Samar, mga Barangay ng Bagong Silang sa Caloocan, Barangay Canumay East sa Valenzuela, mga kababaihan sa Tondo at Baguio at mga taong simbahan sa ilalim ng Ecumenical Women's Forum at National Council of Churches in the Philippines. AB

"Venezuela...," mula sa pahina 13

pagkain at ibang batayang pangangailangan sa hangganan ng Venezuela at Colombia bilang tabing ng agresyong militar. Sinuhayan ang planong ito ni Guaido at ng oligarkiyang Venezuelan.

Inilantad ng gubyernong Maduro ang pakana ng US at tinanggihan ang ayuda. Anito, nakatanggap na ang Venezuela ng ayudang umaabot sa 900 toneladang pagkain at gamot mula sa Russia, China at iba pang bansa. Inilantad din nito ang pakitang-taong pagaalok ng ayuda ng Great Britain, France at Germany na kabilang sa mga nagpataw ng blokeyo sa ekonomya sa Venezuela para na gutumin at patayin ang mamamayan nito.

Sa ipinataw na panibagong *sanction* ng US at mga nabanggit na bansa, pinigilan ang PDVSA, ang pampublikong kumpanya ng langis, na kunin ang pag-aari nitong $7 bilyon na nakalagak sa dayuhang mga bangko. Dagdag dito, tinatayang malulugi nang hanggang $11 bilyon ang PDVSA dulot ng pagtigil ng US sa pag-angkat ng langis mula sa Venezuela. Dahil dito, apektado ang pag-aangkat ng gubyernong Venezuelan ng pagkain at gamot.

Matagal nang gustong palitan ng gubyernong Trump at ng malalaking kapitalistang Amerikano si Nicolas Maduro para kopoin ang masaklaw na rekurso nito sa langis. Inamin mismo ni US National Security Adviser John Bolton sa isang panayam sa Fox News na langis at hindi "pagtatanggol ng demokrasya" ang siyang tunay na layunin ng interbensyon ng US. Hayagan niyang sinabi na mas mainam kung mapalitan ang namumuno sa Venezuela para makapamuhunan doon ang mga kumpanyang Amerikano sa langis. Sa buong mundo, ang Venezuela ang may pinakamalaking reserbang langis, pang-apat sa gas, maliban pa sa ginto, *coltan*, diyamante, *aluminum* at bakal.

**Kasaysayan ng interbensyon**

Umaabot na sa 18 taon ang interbensyon ng US sa Venezuela. Mainit ang mata ng US sa Venezuela dahil sa pananaig dito ng anti-imperyalistang gubyerno mula 2002, nang maupo si Hugo Chavez bilang presidente. Ang laganap na krisis sa mundo na dulot ng mga patakarang neoliberal ay lumikha ng kundisyon para kumalat ang diwang Bolivarian sa Argentina, Brazil, Ecuador, Bolivia at Honduras, mga bansa sa Latin America, isang rehiyon na nais ituring ng US na kanyang "bakuran."

Isa sa mga unang hakbang ni Chavez ay ang pagsasabansa ng pangunahing kumpanya sa langis. Ginamit niya ang kita nito upang pondohan ang mga panlipunang programa kabilang ang libreng pabahay, edukasyon at serbisyong pangkalusugan.

Bago pa man nito, galit na ang US kay Chavez. Noong maglunsad ang gubyerno ng nakababatang Bush ng pandaigdigang kampanya laban sa terorismo, hindi sumunod si Chavez sa dikta ng US. Tahasang sinabi niya sa Washington na hindi matatalo ang terorismo sa paggamit ng terorismo. Pinalaganap din ni Chavez ang diwang Bolivarian sa loob ng militar, gamit ang katayuan niya bilang dating upisyal militar. Sa gayon, napahina niya ang kakayahan ng US na mag-udyok o mag-organisa ng mga kudeta sa bansa.

Ilang ulit nang tinangka ng US na pabagsakin ang rehimeng Bolivarian sa Venezuela. Nabigo ito noong Abril 2002 nang magapi sa loob ng 24 oras ang sinuportahan nitong kudeta. Isang "petroleum lock out" naman ang anyo ng pangalawang tangkang kudeta. Subalit muli itong nabigo nang magkaisa ang mga mangagawa sa langis at ang mga eksporter ng langis sa ibayong dagat. Ang ikatlong pagkakataon ay sinimulan noong isang taon nang pilit na sinisiraan ang isinagawang eleksyon sa Venezuela kung saan nakakuha ng ikalawang tagumpay sa halalan si Maduro. Sa kabilang banda, kinilalang "lehitimo" ng US ang tangkang kudeta ni Guaido at sinuportahan ang panawagan niya para sa pag-aalsa.

Agresibong itinutulak ngayon ng gubyernong Trump ang panghihimasok sa Venezuela sa harap ng mga kahirapang dinanas nito bunsod ng pagbagsak ng presyo ng langis. Pinalala ito ng pananabotahe sa ekonomya ng malalaking oligarkiya sa anyo ng pag-ipit sa suplay ng pagkain at iba pang batayang kalakal.




Ginagamit ngayon ng US ang ibang mga maka-Kanan at maka-US na nga gubyerno sa Brazil, Argentina, Ecuador, Peru at Chile para ipitin ang Venezuela. AB